

BANAL NA LUPA

A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Jonathan A. Letada, SVD

Setyembre 12, 2026

Ang pagbibinyag kay Hesus ni Juan Bautista ang unang epiphany. Ang tinig ng Diyos na nagmula sa langit ang naghayag sa pagkakakilanlan kay Hesus, *"Ikaw ang Aking minamahal na Anak, na labis kong kinalulugdan"* (Mark 1). Ito ang naging pasinaya sa pampublikong buhay ni Hesus. Ito ang kaloob ng binyag: may nagmamahal sa atin anuman ang mangyari. Kaya naman, ang binyag ay ang banal na lupa ng ating Buhay-katoliko: marka ito sa simula ng bagong buhay nang tayo ay maging bagong nilalang kay Kristo.

Ang Biyaya ng Binyag: ang "isang bagong nilalang"-

- 1. Mula sa pagiging walang halaga tungo sa pagiging mahalaga.** Tayo ay naging ampon na mga anak ng Diyos at tinuring Niya tayong mga tunay na anak. Marami ang may krisis sa pagkakakilanlan ngayon; iniuugnay natin ang ating identity sa mga likes at followers sa social media o sa mga brand na ginagamit natin. Duda tayo sa ating sariling kahalagahan dahil ang ating pagkatao ay ibinabase natin sa opinion ng ibang tao. Ipinapaalala sa atin ng Diyos na mas higit pa tayo sa ating estado, nakamit, o propesyon. Tayo ay mga minamahal na ANAK" ng Diyos. *"Ikaw ay Akin. Ikaw ay minamahal."*
- 2. Mula sa pagiging alipin ng kasalanan tungo sa pagiging pinatawad (sa orihinal na kasalanan).**
 - Mga Bunga ng Kasalanan: kahabag-habag na buhay; kamatayan, at walang hanggang kapahamakan. Sinasabi sa atin ng dyablo (kasalanan): *"Hindi ka na pwedeng magbago. Wala ka nang babalikan dahil hindi ka mapapatawad."*
 - Gayunpaman, sinasabi ng Diyos, *"Maaari kang magsimula muli. Ang Aking habag ay mas dakila kaysa sa iyong kasalanan. Pinatawad ka na. Bumalik ka sa akin."*
- 3. Mula sa pagkabukod tungo sa pakikipag-isa.**
 - Sa Binyag, hindi tayo nag-iisa; tayo ay bahagi ng isang bagay na mas dakila kaysa sa ating sarili. Kabilang tayo sa **Iisa, Banal, Katoliko, at Apostolikong simbahan.** Tayo ay kaisa sa Vatican; mayroon tayong iisang pagdiriwang ng Eukaristiya gaano man tayo kalayo sa isa't isa.
- 4. Samakatuwid, sino ka?**
 - Hindi ka WALANG halaga. Ikaw ay isang pinakamamahal na anak ng Diyos...
 - Hindi ang iyong kasalanan ang nagdidikta kung sino ka. Pinatawad ka na at tinatawag na mamuhay nang may kalayaan.
 - Hindi ka nag-iisa. Kabilang ka sa iisang pamilya ni Kristo.

- Maaari kang relihiyoso; ngunit ikaw ba ay makatao? Ang kaningningan ng isang tao ay nasusukat sa pagiging mapagmalasakit.
- 5. Ano ang mga hadlang sa pamumuhay ayon sa biyaya ng binyag?**
- **Pagkawala ng sariling pagkakakilanlan** – pakiramdam na walang silbi o hindi minamahal. Kapag nakalimutan natin na tayo ay mga anak ng Diyos, magsisimula tayong hanapin ang ating halaga sa mga maling lugar. **Antidote: Tandaan mo na sinasabi ng Diyos: "Ikaw ay Aking minamahal na anak. Ikaw ay Akin."**
 - **Wala ng pakiramdam sa kasalanan.** Nagiging manhid na tayo sa kasalanan. Nawawala ang ating kamalayan sa pangangailangan natin sa Diyos. **Antidote: Magbalik loob sa awa ng Diyos.**
 - **Kawalan ng pakiramdam ng ugnayan at pagiging kabilang.** Sa digital world, madali tayong maka-connect sa mga kaibigan sa malayo. Gayunpaman, maaari pa rin nating maramdaman ang pagkawatak-watak sa ating mga relasyon. Ang kasamaan ang nagpapalala ng pagkakahiwa-hiwalay ng mga relasyon; hinihikayat nito ang pagiging makasarili. Ang kasamaan ang nagpupunla ng inggit, pagmamataas, pakiramdam na walang halaga. Kaya naman, nagiging kasangkapan tayo ni satanas kapag wala tayong empatiya, at pagpapatawad, at mas nangingibabaw sa atin ang pagnanais na maghati-hati sa halip na magka-isa. Mag-ingat sa tsismis. **Antidote: Umuwi ka at mahalin ang iyong komunidad.**

KONKLUSYON: Payo ni Hesus: *"Kung kayo'y may pagmamahalan sa isa't isa, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko"* (Jn.13:35). Faith Affirmation: *"Mahal ako ng Diyos; Maaari akong bumalik sa Kanyang awa; Ako ay kabilang sa iisang banal na pamilya; Ang Diyos ay sumasaakin. Kaya, "magiging maayos ang lahat."*

Concern

- Pagbubukod
- Paghuhusga
- Tsismis
- Kawalan ng pakialam

Antidote

- Kabilang
- Pag-unawa
- Pagkakawangawa
- Pagmamalasakit

Pagninilay: Bilang tunay na na-binyagan, ang buhay mo ba ay sumasalamin sa buhay ng isang taong na kay Kristo? Tunay ka bang namumuhay sa pagkakakilanlan na natanggap mo sa Binyag?

SCRIBES Ministry

Isinalin ni: Nida A. Cruz

Na-edit ni: Ma. Vera Tuplano

Tags: #Binyag, #Binyag, #BagongNilalang

<https://lordsflock.org/teachings/digests/>

<https://www.facebook.com/share/p/19ay5WP2yn/>